JANUARY 2012

FILIPINO MAGAZINE

PAG-USAPAN PO NATIN !

ISSUE 42 IPINAMIMIGAY NG LIBRE

مجلة لنتحاور ملحق مجلة البشرى باللغة الفلبينية - العدد الثاني والأربعون



Ang Epektibong Pagpaplano

المركز الكويتي الفلبيني الثقافي
Kuwait Philippine Cultural Center
UPANG TAYO'Y MAGKILALANAN ... لنتعارف


جمعية النجاة الخيرية
الكويت






قصة حوى المنغمسة في الدين






جوزيف سميث دياتة مورمون





من الشجرة الى علبة الزجاج





سؤال و جواب





انشطة



Ang Pag-usapan Po Natin! Filipino Magazine ay ang monthly publication ng KPCCenter. Ang Kuwait Philippine Cultural Center ay isang kalipunan, isang kongregasyon, at isang center kung saan nagtatagpo ang mga layunin para sa kaunlaran sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga Filipino sa Kuwait, ano man ang kanilang relihiyon, tribo, at kasarian. Ang layunin nito ay upang makapagtatag ng isang sentrong pangkultura at pang-edukasyon upang tangkilikin ang lahat ng maiinam na kultura at mga anyo ng edukasyon. Ito rin ay nakikipagkasundo, at lahat ng mga gawain nito ay sa pamamaraang tuwiran at katamtamang pakikitungo, na nag-aanyaya sa lahat upang sama-samang makapagtatag ng bukas na mga talakayan tungkol sa lahat ng aspeto ng pamumuhay.

Ang mga nilalaman, pananaw at mga opinyong nailathala sa magazine na ito ay di kailangang kumatawan ng KPCCenter, kahit pa ito ay isinulat ng isang empleyado nito. Ang lahat ng pagsisikap ay ginagawa upang maiwasan ang pagkakamali sa mga impormasyong nilalalaman ng mga artikulo, ngunit, walang pananagutan kahit anuman ang maaaring ipagpalagay sa magazine na ito o sa tagapaglathala nito, ang KPCCenter.

Para sa mga komento at mga katanungan, mag-e-mail sa:

ullessis@yahoo.com

FILIPINO MAGAZINE
PO NATIN !
PAG-USAPAN

Chief Patron
Mohammad Ismail Al-Ansari
Editor
Ullessis F. Abaya
Columnists:
Joselito Tabing
Joshua Barbas
Abdul Qadir Laja
Issa Mohammad Tragua
Ust. Abubaidah Salud Satol
Ust. Marouf Baraguir Ali
Ust. Wahibie Tamama
Ust. Muslimin Palami Bhiruar
Mailyn Rodriguez
Usta. Pahima Guiabal
Usta. Halima Mantawil

Review and Approval Committee
Ust. Marouf Baraguir Ali
Ust. Muslimin Palami Bhiruar
Bro. Muhammad F. Sumaway
Bro. Ahmad Yusuf Abaya
Usta. Halima Mantawil

Designer
Nader Bellal
PUBLISHED BY
KPC Center
Farwaniya, Block 1
Street 74 corner Street 72
Building 12
Phone 24712574, 24756796
Fax (965) 24712574 (102)
Hotline: 97802777
www.kpccenter.com
www.pagusapan.com

Khalid Abdullah Al-Sabea
General Director
Ust. Marouf Baraguir Ali
Head, Men Section
Usta. Halima Mantawil
Head, Women Section

مؤسسة زخرف للدعاية والإعلان
Zukhruf Advertising Agency
www.zukhruf.net
Tel. 99993072

LEARN AutoCAD

2D & 3D

Professionally with Projects



Just in 3 Months

SPECIAL PROMO
35 KD
Monthly

Tel.: 22467301
99302850
Kuwait City - Panasonic Tower, 8th Floor

KPCC Sentrong Pangkultura

facebook®

facebook.com/kpccenter



Makinig Araw-araw, 1:00 - 3:00 P.M.
Tagalog Program ng Radio Kuwait
FM 93.3 khz . AM 963 khz.

LEARN ENGLISH

- Reading
- Writing, Speaking
- Business English
- Business Correspondence
- Technical Writing

LEVEL - A (Beginners)
LEVEL - B (Intermediate)
LEVEL - C (Advanced)

Special Classes For Females

ONLY **20 KD** MONTHLY

Hurry!!! Open For Registration

ICSA Kuwait City, Panasonic Tower

MAGANDANG BALITA!!!

Para Sa Lahat Ng Pinoy Sa Kuwait

A great opportunity for undergraduates

EARN ONLINE BACHELOR DEGREE

From CHED accredited University in Philippines

Bachelor of Science in Business Administration

- Major in Marketing
- Major in Management



Online Study, No Regular Classes Required

Registration on going

ICSA - Panasonic Tower, 8th Floor

22403408 **96621592**

PAGSUSULAT NG KONTEKSTO'T ALTERNATIBO

Ni Prof. Danny Arao

Mainam na simulan ang taon sa pamamagitan ng epektibong pagpaplano at hindi-mababaling pangako. Pero sadyang mahirap magplano sa panahong ito. Maaaring sakit ng ulo ang simpleng pagkakasya ng kakarampot na kita sa lumolobong gastusin ng pamilya. Kung estudyante ka, mahirap kumbinsihin ang iyong magulang na dagdagan ang baon mo.

Ang sakit ng ulo ay madalas na pinagmumulan ng init nito. Ang pag-akyat ng dugo sa utak ay nagbubunga ng pakikipag-away kahit ng mga nagmamahalan. At sa gitna ng hindi pagkakaunawaan, sino ang may kasalanan?

Madaling sisihin ang indibidwal sa kanyang pagkukulang nang hindi tinitingnan ang sitwasyong pangkabuuan. Pero delikado ring parati na lang "bulok na sistema" ang binabanggit tuwing may nakikitang mali sa sarili't paligid.


Gasgas mang argumento, may katwiran ang ilang taong sawa na kritisismo't naghahanap ng malinaw na alternatibo. Kailangang tanggaping may pagkukulang din kapag hindi malinaw sa kanila ang pagsusuring pumupuna hindi lang sa indibidwal kundi sa pangkalahatang sistema. Kung hindi nila alam ang alternatibong inihahain, baka naman dahil walang ibinibigay sa kanila.

Para maging epektibo ang isang dirkurso, kailangang maibigay ang direksyong dapat tahakin ng nakararaming mamamayan. Totoong maraming paliwanag depende sa balangkas (framework) na ginagamit, at ang katumpakan o kamalian ay dapat na sinusukat batay sa rekomendasyong ipinapaliwanag. Dapat tandaang may pundamental na prinsipyo sa pananaliksik sa wikang Ingles, "A criticism is as good as the alternative."

Tulad ng pagsasakonteksto ng sakit ng ulo sa pagpaplano, maraming dahilan kung bakit nasasadlak sa iba't ibang problema ang bayan. Nagpapatuloy ang mga ito hindi dahil sa kawalan ng solusyon kundi dahil sa desisyon ng mga nasa kapangyarihang panatilihin ang mga ito. Lohikal itong paliwanag kung iisiping may iilang indibidwal na nakikinabang sa paghihirap ng nakararami, at ang mga indibidwal na ito'y nabibilang sa nakatataas na uri ng lipunan.

Madaling pagtawana't sabihing bahagi lang ito ng conspiracy theory na hindi dapat pansinin. Pero hindi tulad ng maraming urban legends tulad ng UFO sightings at alien abductions, hindi ba't may datos na nagpapatunay sa pagyaman ng iilan sa gitna ng kahirapan ng ating bayan? Hindi ba't malinaw ang ebidensiya ng pang-aabuso ng ilang nasa kapangyarihan na nagbubunga ng pagkakait sa batayang karapatan ng nakararami?

Sa araw-araw na pagsusulat tungkol sa mga nangyayari sa lipunan, maraming peryodistang nakakalimutan na ang pagbibigay ng karampatang konteksto o malalimang pagsusuri para ipaliwanag ang mga problema sa Pilipinas. Naisasantabi rin ang alternatibong dapat malaman ng mga mamamayan para epektibong mahubog ang opinyong pampubliko. Madaling sabihing naibabaon ang kahalagahan ng konteksto't alternatibo sa araw-araw na pangangailangang makapagbigay ng ulat sa madla, na kung saan tanging datos lang ang napapalaganap.



Pero hindi katanggap-tanggap ang kawalan ng pagsusuri. Sana'y tanggapin mo ang aking paumanhin sa anumang pagkukulang ng midyang sinusubaybayan mo.

Sa pagsisimula ng bagong taon, hayaan mong isulat ko ang isang simpleng pangako para lang sa iyo: Hindi lang ako magbibigay ng konteksto mula ngayon. Mas pag-iibayuhin ko ang pagbibigay ng alternatibo. (pinoyweekly.org)

JANUARY 2012.indd Sec1:2 1/24/12 1:27:43 PM



BUHAY OFW

Dear Kuya Eli...

ANG KUWENTO NI EVA NA LUBOG SA UTANG

Ullessis Abaya
ullessis@yahoo.com

(Ni Francisco Colayco)

Ang ibabahagi kong kuwento sa inyo ay batay sa tunay na sitwasyon. Sa unang tingin ay parang hindi totoo pero inilahad ito sa akin kaya naniniwala akong nangyayari ito sa totoong buhay at nararanasan ng karamihan. Bahagya kong papalitan ang ilang detalye gaya ng uri ng negosyo, lokasyon at pangalan para protektahan ang katauhan ng sumulat. Subalit magiging batayan pa rin ng mga artikulo ang kanyang ipinadalang liham kung saan niya inilahad ang kanyang kuwento. Alam kong makikilala ng mga mambabasa ang kani-kanilang sarili sa ilang bahagi o sa kabuuan ng mga pangyayari. Natitiyak kong lahat tayo ay may mga matututunang aral mula sa kanyang karanasan. Ang gagawin kong paglalahad ay ayon na rin sa kung paano niya ito ikinuwento sa aming pagpapalitan ng email.

Si Eva ay mula sa lungsod ng isang lalawigan. May sarili siyang bahay at lupa at aktibo sa retail distribution business. Maganda ang kanyang kita sa pinasok na negosyo pero ang problema niya ay ang kanyang pagkalubog sa utang. Nagsimula ito nang may mga lumapit sa kanyang tao para humiram ng pera. Dahil nga may hawak naman siyang pera at kumikita ang negosyo, naengganyo si Eva na magpautang sa interes na 5% kada buwan. Naisip niyang tama lamang ang ipinapatong niyang interes sa pautang dahil may mga iba na nagpapahiram nang "five-six." Naging maganda naman ang takbo ng kanyang pagpapautang dahil nagbabayad sa takdang panahon ang mga humiram. Dahil dito, dinagdagan ni Eva ang pondong ipinapautang. Sa kalaunan, masyado nang malaki ang kanyang naipahiram at hindi na makabayad ang mga nangutang sa kanya.

Sa halip na tanggapin na lamang ang kanyang pagkalugi, naisip ni Eva na mas mainam kung irerekomenda niya sa ibang nagpapautang ang kanyang mga kliyente para makabayad ang mga ito sa kanya. Pumayag naman ang panibagong nagpapautang pero mas mataas kaysa 5% interes ang ipinatong nito at ginawa pang guarantor si Eva.

Bago natin ipagpatuloy ang kuwento ni Eva, pag-aralan natin ang mga naging desisyon ni Eva. Kung maganda ang takbo ng negosyo niya, bakit siya nalubog sa utang? Ang pagkakaroon ng magandang kita sa negosyo ay karaniwang nagreresulta ng mabilisan at tiyak na pagbabayad ng mga pagkakautang. Habang lumalaki ang negosyo, natural lamang na kakailanganin pa ring manghiram ng pondo. Kailangan lang tiyakin na mas malaki ang kinikita ng negosyo kumpara sa interes na binabayaran sa utang.

Mainam ang pagpapahiram ng pera kung nakapagbabayad ang mga pinautang. Sana pinag-aralan muna ni Eva bago siya nagpautang sa unang pagkakataon. Pero posibleng kalaunan ay naging "greedy" at ninais niya ng malakihang kita kaya siya nagpahiram nang malaki na hindi muna inaalam kung may kakayahang magbayad ang mga kliyente. Dapat pag-ingatan ang ganitong pagnanais ng sobrang malakihang kita.

Malaking pagkakamali ang naging pasiya ni Eva na irekomenda sa ibang nagpapautang ang kanyang mga kliyente na alam naman niyang walang kakayahang magbayad. Mas mabigat ang pagpayag niyang maging guarantor ng mga ito. Kabisado ng nagpapautang ang pagpapatakbo ng kanyang negosyo kaya mas mataas ang itinakda niyang interes at ginawa nitong guarantor si Eva ng mga inirekomenda niya. Ipagpatuloy natin ang kwento.

Nagpautang si Eva nang may patong na 5% interes kada buwan sa mga taong hindi nagsipagbayad sa kanya. Ini-refer niya ang mga ito sa isa pang nagpapautang na nagpatong naman ng 6% interes kada buwan at itinalaga pa si Eva bilang

JANUARY 2012.indd Sec1:3 1/24/12 1:27:47 PM



guarantor ng mga pautang na ito. Sumang-ayon si Eva sa ganito dahil inakala niyang ito ang paraan para siya mabayaran ng mga nangutang sa kanya. Sa kasamaang palad, walang bumalik para magbayad.

Natural lamang na si Eva ang pagbayarin sa mga pagkakautang dahil siya ang tumatayong guarantor ng mga ito. Dahil isa siyang mabuting tao at ayaw niyang sirain ang kasunduan sa kanyang paggagarantiya sa pautang, binayaran ni Eva ang mga salaping ipinahiram ng mga nagpautang.

Paano siya nakakuha ng pondong magagamit sa pagbabayad? Isinanla ni Eva ang ilan sa kanyang mga ari-arian sa interes na 2.5% kada buwan para lamang makapagbayad sa kompromiso. Napag-isip-isip niya na mas mababa ang 2.5% buwang interes kaysa 6% kada buwan na ipinapataw sa kanya bilang guarantor ng mga pautang.

Di nagtagal, nakaisip ng paraan ang kanyang mga pinautang upang kumita para makapagbayad ng pagkakautang sa kanya. Nakiusap sila kay Eva na kung maaari ay tulungan silang makapagnegosyo nang may tiyak at malakihang kita. Hindi maunawaan ni Eva kung bakit siya nagpadala sa mga pakiusap sa kanya. Sadya sigurong maunawain si Eva, may "pusong mamon" at nakatuon ang pansin sa posibilidad na makapaningil ng kanyang mga pautang sa kahit anong paraan. Dahil dito, hindi nakatanggi si Eva at muling pinahiram ng pera ang mga ito. Nangutang siya sa isang bangko at ginawa pa niyang kolateral ang kanyang bahay. Ayon kay Eva, nagsimula naman siya sa kanyang negosyo sa pamamagitan ng pangungutang sa bangko gamit na kolateral ang bahay niya. Umunlad naman siya sa ganitong paraan at nagawa niyang bayaran ang mga naunang utang niya sa bangko. Umasa siyang

JANUARY 2012.indd Sec1:4 1/24/12 1:27:50 PM

magiging ganito rin ang kapalaran ng kanyang mga tinutulungang mangutang.

Ngunit hindi ganito ang nangyari. Hindi naging matagumpay sa distribution business ang kanyang mga pinautang. Hindi kumita ang mga ito at hindi siya magawang bayaran. Nakapanlulumo pang malaman na inilagay niya ang negosyo sa pangalan ng mga nangutang sa kanya kasama na ang isang blankong deed of sale sa kanya. Nasa pangalan ni Eva ang mga utang sa bangko pero ang negosyo ay nasa pangalan ng mga mangungutang. Nakapatong pa sa kanyang balikat ang pagbabayad ng buwanang amortization sa bangko dahil ayaw niyang masira ang kanyang pangalan at credit rating. Malakas ang loob niyang manghiram sa bangko dahil alam niyang kumikita ang kanyang negosyo.

Tama lamang na mapag-isip-isip ni Eva kung saan siya nagkamali – malambot ang kanyang puso at laging gustong makatulong sa ibang tao. Walang masama sa pagtulong. Ngunit dapat din niyang maisip na "hindi mo maibabahagi sa iba ang anumang bagay na wala ka." Dahil kung magpapatuloy ang ganitong kaluwagan sa pagpapautang, darating ang panahong siya mismo ay babagsak at hindi na niya magagawang makatulong sa iba. Sa pagnanais niyang tumulong, hindi na niya inisip ang sarili niyang kapakanan. Malalaman natin ang mangyayari kay Eva sa ating pagpapatuloy.

Nang habulin na ng mga bangko si Eva dahil sa kanyang mga utang, hindi siya nangamba dahil alam niya makababayad siya mula sa kita ng kanyang negosyo. Ngunit nagkaroon siya ng panibagong problema. Nagsimula nang maghinala at magsuspetsa ang kanyang asawa kung saan napupunta ang kita ng negosyo. Nagpasiya si Eva na bumili ng lote sa pamamagitang ng pangungutang sa isang kaibigan sa interes na 4% kada buwan. Balak niyang magtayo ng apartment na paupahan ngunit wala na siyang sapat na pondo para ipatayo ito. Pumasok siya sa isang kumplikadong plano sa pagbuo ng pondong kailangan niya. Nanghiram si Eva ng pera mula sa kanyang mga pauupahin sa gagawing apartment. Nagbigay naman ang mga ito nang walang interes sa kasunduang ipauupa niya ang apartment sa kanila nang libre sa loob ng isang taon.

Napag-alaman ng mga nauna nating binanggit na taong nangutang kay Eva ang kanyang ginawa . Kinumbinse siya ang mga ito na muli silang tulungan at nangakong magbabayad sa kanya kapag sila ay kumita. At gaya ng dati, para bang na-hypnotize ng mga ito si Eva at pumayag naman siyang tulungan ang mga ito. Masyadong kumplikado ang kuwento ni Eva at puputulin ko na sa puntong ito dahil ang kasalukuyan niyang problema ay wala nang kaugnayan sa mga tinatalakay nating detalye.


Sumulat sa akin si Eva upang hingin ang aking tulong na makakuha siya ng isang malakihang utang para mabayaran ang lahat ng kanyang pagkakautang nang hindi nalalaman ng kanyang asawa. Ikinalulungkot kong wala akong maisip na paraan para makahiram siya ng pondo kung hindi ipagbibigay-alam sa asawa ang kanyang gagawin. Hindi ko pa rin maunawaan kung paano siya nakakautang sa bangko gamit na kolateral ang kanilang bahay at lupa na hindi hinihingi ang pagsang-ayon ng kanyang mister. Labag ito sa batas. Lahat ng pautang sa mag-asawa ay kailangang pirmahan at aprubahan ng mister at maybahay.

Ano ang mga aral na matututunan sa mahabang kuwentong ito ni Eva? UNA, hindi mo maaaring maibahagi ang anumang bagay na wala ka. Gustong makatulong ni Eva sa kanyang mga kaibigan hanggang sa puntong isakripisyo niya ang kinabukasan niya at ng kanyang pamilya. IKALAWA. Usapang pangpamilya ang pera. Itinago ni Eva sa kanyang asawa at mga anak ang lahat ng kanyang mga transaksiyon. Hindi ito mainam lalo pa at nalagay sa alanganin ang kanyang pamilya dahil sa kanyang mga desisyon. IKATLO. Ang kasakiman ay nagtutulak sa ating kumilos nang pabigla-bigla at walang pag-iingat. Dapat ay naging kuntento na si Eva sa kanyang kinikita at hindi na pumasok sa mga negosyo at transaksiyong walang katiyakan. PANG-APAT. Pag-aralang tanggapin ang pagkatalo at humanap ng paraan para makaangat muli. Ang pamumuhunan sa isang hindi kumikitang negosyo ay "pagtatapon at pagsasayang ng salapi." PANGHULI. Matutunang sumagot ng "HINDI." (franciscocolayco.com)

Sa mga gustong magbahagi ng mga karanasan sa buhay habang nasa abroad, ipadala lang po sa BUHAY OFW Dear Kuya Eli, ullessis@yahoo.com o sa txt, tel. 55539031

JANUARY 2012.indd Sec1:5 1/24/12 1:27:53 PM

Panulaang Filipino




Armineonila "Asriyah" M. *is a Filipina poet, mixed-media artist, columnist and cartoonist who is currently based in Kuwait. She has been a feature story writer and opinion writer in English on Kuwait Times Daily and Friday Times since 2005. Presently, she is writing her weekly column in the Filipino language titled "Kikay's Ukay-ukay" and submitting weekly comic strips titled "Pat en Tero" in Filipino Panorama, Kuwait Times. While currently working on her collection of poems on migrant workers, she is experimenting on tribal arts and calligraphy.*

Kun Ngaa Indi Manobyo ang Laki nga Damgo

(A poem dedicated to all farmers and originally written in Suwat-Bisaya, a pre-colonial system of writing in the Philippines)

Indi bisan san-o;
magpalayo kun mahimo,
bisan sa duta nga didto
ining gugma ang nagtubo;
bisan pa iya nga gahum
ang naglatay sa akon handum,
ihutik dulang sa dahon
ini nga ambahanon;
bangud ang iya gin-agihan
nagahapay nga talamnan
kag sa iya nga palad
ang kabuhi nagbukadkad,
waay sang matalum nga garab
ang mangisug
ukon makusog nga sulab
ang makatupong sinang kabaskug;
kun mahumlad dun gani
ang amakan hinali
ang dughan ginapalid
kag sa iya nagahipid;
kag tungod sa tingog
niya ang pispis nagpamati,
nabunyagan ang pagdayaw,
ang akon pilas, napali;
kag tungod didto sa kamalig
ang iya trono nagpungko,
tayuyon man ang kabuhi
sang mga itik nga nagpuyo,
kay bisan lutakon ang kabakod
sang iya nga tindog,
indi gid siya malipat
nga sa peste magtabog --
tingali nga mag-apas
sa lumay sang gal-um,
diri sa gihapon
sa luyo naghulum;
gani nga indi gid nakon
sarang nga maangkon
ang laki nga sa kalibutan
amu ang gapakaon.

(Nobyembre 2011)



JANUARY 2012.indd Sec1:6 1/24/12 1:27:55 PM

Mula Puno Hanggang Bote

Ang Kuwento ng Cork



Alam mo bang may balat ng puno na napapakinabangan sa paggawa ng mga makina, baseball, at champagne? Ang balat na ito ng puno ay libu-libong taon nang ginagamit hindi lang ng mga mangingisda kundi pati ng mayayamang babae, at ginamit pa nga sa kalawakan. At ang mas kahanga-hanga pa, hindi kailangang patayin ang puno para makuha ang kapaki-pakinabang na balat nito!

ANG cork ay ang panlabas na balat ng punong cork oak. Pero hindi ito ordinaryong balat ng puno. Ito ay magaan, malambot na parang goma, at hindi madaling tablan ng apoy.

Ang balat ng cork oak ay patuloy na tumutubo. Maaari itong kumapal nang hanggang 25 sentimetro—tamang-tamang proteksiyon ng puno sa init, lamig, at sunog sa kagubatan. Kapag tinanggal ang balat ng puno, tutubo uli ito sa loob ng mga sampung taon.

Sa buong daigdig, nanggagaling sa Portugal ang mga 55 porsiyento ng cork, mula naman sa Spain ang mga 30 porsiyento, at mula sa ibang bansa (kasama ang Algeria, France, Italy, Morocco, at Tunisia) ang natitirang 15 porsiyento.*

Maraming Mapaggagamitan

Nadiskubre ng mga Romano at Griego na ang cork ay tamang-tamang gawing palutang ng lambat ng mangingisda at komportableng suwelas ng sandalyas. Lumilitaw na ginamit din nila ang cork na pantakip sa mga banga. Palibhasa'y hindi ito lumulutong kahit mainitan nang husto, ginagamit itong gasket ng mga makina. Mahalagang bahagi rin ito ng mga heat panel ng ilang spaceship.

Dahil maganda ang hitsura nito at nakakatulong sa insulasyon, ang mga tile na gawa sa cork ay ginagamit na pandekorasyon sa mga dingding at sahig. Ginagamit din ang cork na pinakapalaman ng bola ng baseball o hawakán ng pamingwit. Siyempre pa, pinakasikat ito bilang takip ng mga bote ng alak at champagne.—Tingnan ang kahong "Napakahusay na Takip."

Hindi Nakakasira sa Kapaligiran

Ang isang kagubatan ng cork oak na naaalagaang mabuti ay patunay na maiingatan ng tao ang kapaligiran habang pinakikinabangan ito. Ang matatandang puno ng cork oak ay nagpapaganda sa tanawin, nagbibigay ng lilim at

* Ang cork oak ay tumutubo rin sa ibang bahagi ng daigdig, pero ang komersiyal na produksiyon nito ay pangunahin nang mula sa rehiyon ng Mediteraneo, kung saan hiyang na hiyang ang cork oak.

JANUARY 2012.indd Sec1:7 1/24/12 1:28:00 PM

◀ *Pagkatapos tanggalin ang balat, tumutubo uli ito*

Ang balat ay maingat ▶
na tinatanggal ng sanay na manggagawa



▼ *Salansan ng mga balat, nakahanda para sa susunod na proseso*



▼ *Manu-mano pa rin ang paggawa ng de-kalidad na takip*



Ang maliliit na piraso ay iniipon at pinoproseso para gawing takip ng bote at iba pang produkto



JANUARY 2012.indd Sec1:8 1/24/12 1:28:03 PM

pagkain sa mga baka, at nagpapalamig sa kapaligiran kung tag-araw.

Ang ilang ibon na papaubos na—gaya ng imperial eagle, black vulture, at black stork—ay namumugad sa malalaking puno ng cork oak. Pati ang nanganganib na Iberian lynx ay naninirahan sa mga kagubatan ng cork oak. Kamakailan, sinabi ng World Wildlife Fund na ang kinabukasan ng mga hayop na ito ay nakasalalay sa maunlad na industriya ng cork sa Spain at Portugal.

Kaya sa susunod na alisin mo ang takip na cork sa isang bote ng alak, huminto sandali at mag-isip. Hawak mo sa iyong kamay ang isang bagay na natural, biodegradable, at hindi nauubos. Nakakatulong pa nga sa kapaligiran ang paggamit nito. Ano pa ba ang hahanapin mo sa isang puno?

"Napakahusay na Takip"



Si Miguel Elena, direktor ng Institute for Cork, Wood and Charcoal na nasa Extremadura, Spain, ay nagpaliwanag tungkol sa paggamit ng cork bilang takip.

Gaano kahusay na takip ang cork?

Nakakita na ako ng mga cork na inalis mula sa mga boteng mahigit 100 taon na, at napreserbang mabuti ang alak! Napakahusay na takip ang cork!

Ilang taon ang cork oak bago makakuha rito ng balat na gagawing takip?

Para makagawa ng de-kalidad na takip, ang cork oak ay dapat na di-kukulangin sa 50 taon, bagaman puwede na itong makuhanan ng balat 25 taon matapos itanim. Siyempre, iilan lang ang handang mamuhunan sa isang pananim na maghihintay pa nang 50 taon bago kumita. Sa katunayan, wala akong maisip na ibang industriya na maghihintay nang ganoon katagal ang namumuhunan.

Gaano kahaba ang buhay ng cork oak?

Ang cork oak ay nabubuhay nang mga 200 taon, at ang ilang uri ay nabubuhay nang mas matagal. Nakukuhanan ng cork ang mga puno tuwing ikasiyam na taon.

Ano ang ginagawa para magpatuloy ang produksiyon ng cork?

Nagbibigay ang European Union at ang pamunuan sa aming rehiyon ng pondo para sa pagtatanim ng cork oak. Kaya naman nitong nakaraang mga taon, ekta-ektaryang lupain ang natamnan namin nito at mas napangalagaan ang mga dati nang taniman.

Ano ang mga bagong pagsulong sa produksiyon ng cork?

Sa nakaraang dalawang dekada, nag-research kami nang husto para malaman ang pinakamagandang klase ng binhi. Nakikipagtulungan din kami sa iba pang mga bansang nagtatanim ng cork oak para mas mapaganda ang kalidad ng produkto. Palakol ang matagal nang pantanggal ng balat ng puno, pero gumagamit na kami ngayon ng maliit na lagari na mas madaling gamitin.

(Mula sa Gumising! magazine ng Watchtower Bible and Tract Society, Philippines)

JANUARY 2012.indd Sec1:9 1/24/12 1:28:03 PM



Si Joseph Smith, Jr. ng mga Mormon

Siya ay ang propeta na nagtaguyod ng Simbahan ni Hesu Kristo ng mga Banal sa Huling Araw (Chuch of Jesus Christ of the Later Day Saints). Ang mga Mormon ay tinatawag siyang Propeta dahil, ayon sa nakasanayang tradisyon ng mga propeta na nakatala sa Luma at Bagong Testamento, sumalalay siya sa rebelasyon ng Diyos para magturo sa mga tao, at hindi sa kanyang sariling katalinohan at kaalaman. Si Joseph Smith ay nagkaroon ng maraming tagasunod sa kanyang buong buhay, subalit marami ring hindi sang-ayon, dahil ang kanyang mga turo ay hindi tinanggap ng karamihan sa nananatiling Kristiyanong komonidad. Dahil karamihan sa kanila, ang mga doktrinang kanyang tinuro ay parang wala ng higit pa sa kasinungalingan at kabaliktaran sa mga interpretasiyon nila sa Bibliya. Sa simula, ang naging pinakamalalim na punto ay ang karapatan sa pagtanggap ng rebelasiyon ni Joseph Smith, kung saan karamihan sa mga paniniwalang Kristiyano ay natapos sa pagkamatay ng mga apostol ni Kristo.

Ang mga ninuno ni Joseph Smith ay karaniwang taong bukid sa New England na lumipat ng lugar mula sa England patungo sa Amerika sa ika-labingpito ng bagong mileniyo at nanirahan sa Massachusetts. Si Joseph Smith ay isinilang noog Desyember 23, 1805, sa Sharon, Vermont, anak ni Joseph and Lucy Mack Smith. Sa kanyang kabataan si Joseph ay hindi nagkaroon ng

JANUARY 2012.indd Sec1:10 1/24/12 1:28:04 PM

